# *Bautismo sa Tubig Yugto 1*

***"13 Nang magkagayo'y naparoon si Jesus mula sa Galilea at lumapit kay Juan sa ilog ng Jordan, upang siya'y bautismuhan niya. 14 Datapuwa't ibig siyang sansalain ni Juan, na nagsasabi, Kinakailangan ko na ako'y iyong bautismuhan, at ikaw ang naparirito sa akin? 15 Nguni't pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Payagan mo ngayon: sapagka't ganyan ang nararapat sa atin, ang pagganap ng buong katuwiran. Nang magkagayo'y pinayagan niya siya. 16 At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig: at narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya; 17 At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan." (Mateo 3:13-17 KJV)***

Ang nasa itaas na talata ay inilarawan ang bautismo ni Jesus bago Siya magsimula sa Kanyang ministeryo sa lupa. Ipinakita Niya ang pinaka unang halimbawa sa

***1. Pagsunod sa Dios:*** Ang bautismo sa tubig ay paglubog sa tubig. Ito ay itinakda ng Dios para sa lahat; Walang pisikal na epekto ngunit naglalarawan ng espirituwal na halaga. Ipinapakita nito ang pag-unawa ng tao sa mga salita - pagsunod sa Dios. Ang pagsunod sa Dios nang walang pag-aalinlangan o pagtatanong ay naglalarawan ng ating tiwala at buong kumpiyansa sa Kaniya. Isa itong gawa ng pagsunod sa Dios at ito'y isang matuwid na bagay na gawin. Si Jesus ay masunurin sa Dios Ama, at nang ipinadala Niya ang Kanyang mga apostol upang ipangaral ang evangelio, iniutos Niya sa kanila ang mga sumusunod: ***"15 At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. 16 Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." (Marcos 16:15-16 KJV)*** Pansinin dito na binanggit ni Jesus na kung sinumang sumampalataya at mabautismuhan siya'y maliligtas. Kung sumampalataya ka ngunit tumanggi kang mabautismuhan hindi ka maliligtas.

***2. Pagpapasakop sa Dios:*** Ang pagsunod ay naglalarawan ng ugali ng pagsuko. Ngunit ang kayabangan ng tao ay sumasalungat sa gawaing iyon ng pagsunod at pagsuko sa Dios. Hindi mo maaabot ang Dios kung may mataas na pagtingin sa sarili. Kailangang mabuwag ito. Ang pagtanggap ng bautismo sa tubig ay isang gawa ng pagsuko sa Dios. Nang hilingin ni Jesus, kay Juan na bautismuhan Siya, ipinasailalim Niya ang kanyang sarili sa Dios at sumunod sa pagbautismo sa pamamagitan ng tao. Ginamit ng mga Judio ang bautismo para sa mga Gentil, ang mga Hindi-Judio, na nagnanais mapasama sa pananampalatayang Judio. Nagsimula si Juan ng bagong paraan ng paggamit ng bautismo nang bautismuhan niya ang mga Judio na nagsisi at pinatawad. ***"2 Nang kasalukuyang mga pangulong saserdote si Anas at si Caifas, ay dumating ang salita ng Dios kay Juan, anak ni Zacarias, sa ilang. 3 At siya'y napasa buong lupain sa palibotlibot ng Jordan, na ipinangangaral ang bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan;" (Lucas 3:2-3 KJV)***

***3. Kababaang-loob:*** Si Jesus ang Anak ng Dios at Siya ay Dios, ngunit isinantabi Niya ang Kanyang pagkamaka-Dios. Ipinakita Niya sa atin ang pinakamainam na halimbawa ng kababaang-loob. Bilang isang taong walang kasalanan, Si Jesus ay binautismuhan ni Juan na nagbabautismo sa mga tao sa tubig para sa pagsisisi. Si Jesus ang sinasabi ni Juan nang sinabi niya, ***"Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy:" (Mateo 3:11 KJV)*** Si Juan ay nagulat nang si Jesus ay dumating sa kanya upang magpabautismo. Dahil batid ni Juan na si Jesus ay walang kasalanan, sumagot si Jesus, ***"15 Nguni't pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Payagan mo ngayon: sapagka't ganyan ang nararapat sa atin, ang pagganap ng buong katuwiran. Nang magkagayo'y pinayagan niya siya." (Mateo 3:15 KJV)*** Si Jesus ay binautismuhan sa pagsunod sa Dios Ama at bilang isang halimbawa sa atin. Inutusan Niya na ang lahat ng sasampalataya ay babautismuhan sa Dakilang Utos: ***"19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:19-20 KJV)***

***4. Paggawa ng pasya:*** Si Jesus ay nabuhay bilang tao ng 30 taon at bago Niya sinimulan ang Kanyang ministeryo kusang loob Niyang tinanggap ang pagbabautismo sa tubig. Ang gawaing ito ay kumakatawan sa punto o tanda sa pagitan ng Kanyang buhay bilang karaniwang tao at ng Kanyang ministeryo bilang Anak ng Dios; upang sundin at gampanan ang kalooban ng Dios Ama. Ang bautismo sa tubig ay isang pansariling pasya na pumili matapos lubos na maunawaan ang espiritwal na kahulugan nito dahil ito ay kumakatawan sa isang tipan sa pagitan ng mananampalataya at ng Dios. Si Jesus mismo ang nagpasyang tumanggap ng bautismo sa tubig. Ang taong nananampalataya kay Jesus at nagpasya na iwan ang kanyang dating buhay - ang buhay ng kasalanan, at handang lumapit at sumunod sa Dios at maglingkod sa Dios, ay magpapasya na sumunod sa kautusan ng bautismo sa tubig. Malinaw, ang bautismo sa tubig ay isang personal na sariling desisyon na gagawin at hindi ito ipinapataw sa mga sanggol o sinumang hindi nauunawaan ang kahalagahan nito.

***5. Pagpapahayag ng kalooban ng Dios:*** Ang bautismo ay hindi lamang isang payak na gawa o isang lamang okasyon para ipagdiwang. Ito ay ang pahayag ng taong gumagawa tungkol sa kanyang espiritwal na pagiging hindi lamang sa Dios kundi pati na rin sa mga tao sa kanyang paligid. Ang pagbautismo ay isang panlabas na pagpapahayag ng panloob na kalagayan. Ang pisikal na kilos ay larawan ng nangyayari sa espiritwal. Ipinapahayag ng pagbautismo sa tubig ang panloob na kalagayan ng taong nagsisi sa kasalanan at tinanggap ang kapangyarihang magligtas ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo. Ipinahihiwatig niya na siya ay pinatawad at nilinis, at ginawa siyang buhay ng Dios kasama ni Cristo. Habang si Juan ay nangangaral at nagbabautismo, si Jesus rin ay tumanggap ng ganap na pagbabautismo sa tubig sa publiko. Sinasabi ng pagbabautismo na ang isang tao ay nagsisi sa kanyang mga kasalanan. Sa ***Mga Gawa 2:37, 38*** nang mangaral si Apostol Pedro tungkol kay Jesus, sinabi sa mga tao sa araw ng Pentecostes na kailangan nilang magsisi at mabautismuhan ang bawat isa sa pangalan ni JesuCristo para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. ***"37 Nang marinig nga nila ito, ay nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin namin? 38 At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.41 Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa." (Mga Gawa 2:37-38, 41 KJV)*** Ang bautismo ay sumasagisag na ang isang tao ay pinatawad na at nilinis sa kanyang mga kasalanan. Ito ay paghayag ng ating pagnanais na malinis mula sa bawat uri ng kasalanan. Sinasabi sa ***Mga Gawa 22:16*** na hinugasan na ang iyong mga kasalanan, ***"16At ngayon bakit ka tumitigil? magtindig ka, at ikaw ay magbautismo, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa kaniyang pangalan." (Mga Gawa 22:16 KJV)***

***6. Pagtanggap ng kaloob ng Banal na Espiritu:*** Pagkatapos ng bautismo sa tubig kay Jesus ang Banal na Espiritu ay bumaba sa Kanya bilang isang kalapati at isang tinig mula sa Langit sinasabi: ***"At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan." (Mateo 3:17 KJV)*** Lubos na nagagalak ang Dios tuwing sumusunod ang Kanyang mga anak sa Kanyang mga utos. Sa araw ng Pentecoste, nang marinig ng mga tao ang mensahe tungkol kay JesuCristo, tinanong nila ang mga apostol kung ano ang kanilang kailangan gawin. At sumagot si Pedro, ***"38 At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. 39 Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya." (Mga Gawa 2:38-39 KJV)*** Dito, ipinangako ni Pedro ang Banal na Espiritu sa mga babautismuhan sa tubig. Ang kaloob ng Banal na Espiritu ay nagbibigay-daan sa iyo na maglingkod sa Dios gamit ang mga kaloob ng Espiritu.

**Ano ang bautismo ng mga Cristiano?** Ang bautismo ay nangangahulugang ilubog, ibabad, o ilublob. Sa kasulatan, ito ay nangangahulugang ilagay sa o ilubog sa tubig, kaya ito ay ganap na paglublob o paglulubog. Nang makita ng Etiope ang tubig, humiling siyang mabautismuhan. ***"36 At sa pagpapatuloy sa daan, ay nagsidating sila sa dakong may tubig; at sinabi ng bating, Narito, ang tubig; ano ang nakahahadlang upang ako'y mabautismuhan?" (Mga Gawa 8:36 KJV)*** Si Felipe ang isa sa nangangaral sa kanya ng evangelio ni Jesus at sinagot niya siya, ***"37 At sinabi ni Felipe Kung nanampalataya ka ng buong puso ay mangyayari. At sumagot siya at sinabi: Sumasampalataya ako na si Jesu-Cristo ay Anak ng Dios." (Mga Gawa 8:37 KJV)*** Kung gayon ang bating ay sumunod, ***"38 At ipinagutos niyang itigil ang karo: at sila'y kapuwa lumusong sa tubig, si Felipe at ang bating; at kaniyang binautismuhan siya." (Mga Gawa 8:38 KJV)*** Pagkatapos sa susunod na talata ***Mga Gawa 8:39*** mababasa natin, ***"39 At nang magsiahon sila sa tubig,"*** ibig sabihin sa panahon ng bautismo, ang bating ay lubos na inilubog sa ilalim ng tubig, Ang ating Panginoong Jesus nang siya nabautismuhan ayon sa ***Mateo 3:16,*** mababasa natin ang sumusunod ***"16 At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig:"*** Ibig sabihin nito, noong binautismuhan si Jesus, Siya ay nasa ilalim ng tubig. Kaya't hindi katanggap-tanggap na ang pagbabautismo ay gagawin lamang sa pamamagitan ng pagwisik ng tubig o pagligo dahil kailangang mailubog ang buong katawan sa ilalim ng tubig.

***Roma 6:3-5*** sinasabi sa atin ang sumusunod tungkol sa bautismo, ***"3 O hindi baga ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nangabautismuhan sa kaniyang kamatayan? 4 Tayo nga'y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay. 5 Sapagka't kung tayo nga ay naging kalakip niya dahil sa kawangisan ng kaniyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo dahil sa kawangisan ng kaniyang pagkabuhay na maguli;" (Roma 6:3-5 KJV)*** Ayon sa Kasulatang ito ang mga sumailalim sa bautismo ay itinuturing bilang patay na sa dating buhay. Samakatuwid, ang kahulugan ng bautismo ay ilibing ang dating buhay, at ang paglubog sa tubig ay sumasagisag sa paglibing ng bangkay ng isang patay na tao. Kaya naman sa pagsasagawa ng bautismo, tanging ang pamamaraan ng paglubog lamang ang tinatanggap at naaayon sa Kasulatan. Ang mga

nabautismuhan sa pamamagitan ng pagwisik ay kailangan muling bautismuhan nang maayos sa pamamagitan ng paglubog sa ilalim ng tubig.

Ang Banal na Bautismo sa Tubig ay dapat isagawa sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, ayon sa iniutos ni Jesus sa atin, ***"Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:" (Mateo 28:19 KJV)***

**Ano ang kahuluang ng bautismo sa tubig?**

***1. Ang Bautismo sa Tubig ay ilibing ang dating buhay: Roma 6:3-5*** sinasabi sa atin na sa bautismo ay inililibing natin ang ating dating buhay. Kaya't ito ay ang pananagutan ng mga naghahangad at kusang mabautismuhan na patayin ang anumang nauukol sa kanilang makasalanang kalikasan. ***"5 Patayin nga ninyo ang inyong mga sangkap ng katawang nangasa ibabaw ng lupa, pakikiapid, karumihan, masamang pita, masasamang nasa, at kasakiman, na iya'y pagsamba sa mga diosdiosan; 6 Na dahil sa mga bagay na iyan ay dumarating ang kagalitan ng Dios sa mga anak ng pagsuway: 7 Na inyo ring nilakaran nang una, nang kayo'y nangabubuhay pa sa mga bagay na ito; 8 Datapuwa't ngayon ay inyo namang layuan ang lahat ng mga ito: galit, kapootan, paghihinala, panunungayaw, mga salitang kahalay-halay na mula sa inyong bibig: 9 Huwag kayong mangagbubulaan sa isa't isa; yamang hinubad na ninyo ang datihang pagkatao pati ng kaniyang mga gawa, 10 At kayo'y nangagbihis ng bagong pagkatao, na nagbabago sa kaalaman ayon sa larawan niyaong lumalang sa kaniya:" (Colosas 3:5-10 KJV)*** Ang paglubog sa ilalim ng tubig sa panahon ng bautismo ay ilibing ang isang tao na batid at handang patayin ang kanyang dating buhay. Sa ganitong paraan ang isang tao ay nakikipagkaisa kay Jesus sa Kanyang pagkamatay sa krus, at bilang si Jesus ay nabuhay na magulo mula sa patay, ang taong nabautismuhan ay nakipagkaisa sa pagkabuhay ni Jesus bilang siya ay ibinangon mula sa tubig pagkatapos ng bautismo sa tubig upang ipamuhay ang kanyang buhay para kay Cristo. Sa ***Colosas 2:12-13*** sinasabi sa atin ang sumusunod: ***"12 Na nangalibing na kalakip niya sa bautismo, na kayo nama'y muling binuhay na kalakip niya, sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagawa ng Dios, na muling bumangon sa kaniya sa mga patay. 13 At nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga kasalanan, at sa di pagtutuli ng inyong laman ay kaniyang binuhay kayo na kalakip niya, na ipinatawad sa atin ang ating lahat na mga kasalanan:" (Colosas 2:12-13 KJV)*** Samakatuwid sa bautismo ang dating buhay ang buhay na makasalanan, ay hinarap na at nailibing kasama ni Jesus.

***2. Sinasabi ng bautismo na ang isang tao ay nagsisi na sa kanya mga kasalanan:*** Sa ***Mga Gawa 2:38*** sinabi ni Pedro sa mga Judio sa araw ng Pentecoste na kinakailangan nilang ***"Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan;"*** Ang pagbabautismo ay isang panlabas na pagpapahayag ng panloob na kalagayan. Ang pisikal na kilos ay larawan ng nangyayari sa espirituwal.

***3. Ang bautismo ay sumasagisag na ang isang tao ay pinatawad na at nilinis sa kanyang mga kasalanan:*** Ang bautismo ay pagpapahayag ng ating pagnanais na malinis mula sa bawat uri ng kasalanan. ***Mga Gawa 22:16*** sinasabi, ***"At ngayon bakit ka tumitigil? magtindig ka, at ikaw ay magbautismo, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa kaniyang pangalan ng Panginoon."***

***4. Ito ay isang gawa ng pagsunod: Mateo 28:19 "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo."*** sinasabi sa atin na ang bautismo ay kinakailangan para sa mga nagnanais na maging mga alagad. Sa ***Mga Gawa 9:6*** sinabi ng Panginooon kay Saulo na sasabihin sa kanya ang kailangan niyang gawin, ***"Nguni't magtindig ka, at ikaw ay pumasok sa bayan, at sasalitain sa iyo ang dapat mong gawin."*** Pagkatapos niyang makakitang muli, siya ay binautismuhan, ***"18 At pagdaka'y nangalaglag mula sa kaniyang mga mata ang mga parang kaliskis, at tinanggap niya ang kaniyang paningin; at siya'y nagtindig at siya'y binautismuhan;" (Mga Gawa 9:18 KJV)***

***5. Tayo ay binautismuhan sa katangian ni Jesus:*** Tayo ay hindi binautismuhan sa pangkat o grupo ng mga tao. Ang mahalagang bagay ay yaong binautismuhan tayo kay Cristo. Sa ***Galacia 3:27*** sinasabi, ***"27 Sapagka't ang lahat na sa inyo ay binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo."*** Kaya ang bautismo ay kunin ang katangian at pag uugali ni Cristo, ***"12 Mangagbihis nga kayo gaya ng mga hinirang ng Dios, na mga banal at minamahal, ng isang pusong mahabagin, ng kagandahangloob, ng kababaan, ng kaamuan, ng pagpapahinuhod: 13 Mangagtiisan kayo sa isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin:" (Colosas 3:12-13 KJV)*** Ang bautismo ay pagtatakda ng ating buhay na mapasailalim sa pagpigil ng Banal na Espiritu at payagan siyang na kumilos sa atin upang mamunga sa atin ng bunga ng Banal na Espiritu na makagawa sa ating pag uugali at katangian katulad kay Cristo, sapagkat tayo nabautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu, ***"19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at***

***gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:" (Mateo 28:19 KJV)***

**Ano ang katangian ng bautismo sa tubig?**

***1. Kailangan munang marinig ang Salita, maniwala rito, at tanggapin ang mensahe:*** Sabi sa ***Mga Gawa 2:41*** na ang mga tumanggap ng mensahe ay nabautismuhan. ***"41 Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa." (Mga Gawa 2:41 KJV)***

***2. Paniniwala:*** sinasabi sa ***Mga Gawa 2:37 "37 Nang marinig nga nila ito, ay nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin namin?" (Mga Gawa 2:37 KJV)*** Dapat magpabautismo ang mga tao nang kusang-loob pagkatapos silang maniwala.

***3. Pagsisisi:*** Kung walang pagsisisi, ang bautismo sa tubig ay hindi magdadala ng kaligtasan sa kanilang buhay. Ang mga nabautismuhan nang walang pagsisisi kailangang mabautismuhang muli pagkatapos nilang magsisi. Malinaw na sinabi ni Pedro sa kanyang mensahe sa karamihan sa araw ng Pentecoste na kailangan muna nilang magsisi pagkatapos noon ay magpabautismo. ***"38 At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." (Mga Gawa 2:38 KJV)***

***4. Pananampalataya:*** Sinasabi sa ***Marcos 16:16 "Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." (Marcus 16:16 KJV)***

***5. Pagsunod:*** Hindi lamang para sa bautismo sa tubig kundi sa lahat ng mga utos ng Dios. Ang kalooban ng Dios kay Jesus ay mabautismuhan at sa atin din.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi at gamitin ang pagkakataong ito na ang Dios ay nagsasalita upang ibigay ang iyong buhay sa Kanya, at maging handang iwanan ang ang iyong dating buhay ng kasalanan, at ilibing ito bilang handa kang mabautismuhan sa tubig, ilubog sa tubig, makipagkaisa kay Cristo sa Kanyang pagkamatay, upang bumangon mula sa tubig upang mabuhay sa bagong buhay para kay Cristo, isang buhay ng kabanalan sa Dios at handang maglingkod sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban at plano para sa iyo.

Manalangin tayo….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na maging malinaw ang mga bagay sa akin tungkol sa kahulugan ng bautismo sa tubig. Panginoon salamat para sa lahat ng pagpapala sa akin at salamat para sa lahat ng aral, pagtutuwid, pagsaway, at pagpapayo na tinanggap namin sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong pgsuway, pagmamataas, sa iyong di pananampalataya at paggawa ng sarili mong kagustuhan at plano. Magsisi sa pagsamba mo sa dios-diosan at sa dati mong relihiyon at kaugalian. Magsisi sa iyong walang kagustuhang ilibing ang dati mong buhay sa pamamagitan ng bautismo sa tubig. Magsisi sa lahat ng mga gawa ng laman. Magsisi sa iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para kay Cristo. Panginoon Ako'y nagsisisi patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan* _________________

*Panginoon Isinusuko ko ang aking buhay sa iyo at ipagkakatiwala ang aking sarili na mabuhay ayon sa iyong kalooban at handang ilibing ang dati kong buhay na makasalanan sa pamamagitan ng bautismo sa tubig at bumangon mula sa tubig upang isapamuhay ang aking bagong buhay para kay Cristo at paglingkuran ang Dios at ang Kanyang layunin. Panginoon, suportahan mo ako ng iyong biyaya, protektahan mo ako at patuloy na pagkalooban upang patuloy kitang paglingkuran.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na ipinangako ang kanilang buhay na mabuhay para sa iyon at samga handang mabautismuhan sa tubig. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang patuloy at paglingkuran ka at gawing mabuting patotoo ang kanilang buhay sa iba upang sundin ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at patnubayan kami at buksan sa amin ang bagon mga pintuan upang mag-evangelio at ibahagi ang aming buhay patotoo at ang iyong Salita sa iba upang makilala ka nila at sundin ka. Panginoon paging dapatin kaming yumaon at gumawa ng bagong mga alagad at*

*mabautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Panginoon patnubayan at tulungan kami na sanayin ang bagong mga manggagawa upang paglingkuran ka. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong mga kapisanan at bagong pag-aaral ng Bibliya para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming taong mabautismuhan sa tubig at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito upang makaabot sa mga taong nangangailangan ng iyong Salita. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com